Chapter 1

Aaniniwala si Rebecca Vargas na kung gusto niyang makuha ang isang bagay, kailangan niya lang paghirapan at makukuha niya iyon. Gusto niyang maka-one hundred twenty percent sa isang Calculus test? Kailangan lang niyang mag-aral mabuti para magawa iyon. Gusto niyang maging masaya kahit na nakipagtalik ang rockstar boyfriend niya sa blue-eyed road manager nito? Kailangan lang niyang makipagkalas sa gago at isubsob ang sarili sa trabaho. Gusto niyang maniwala na normal na bente-ocho años siya? Kailangan lang niyang iwasan ang mga sitwasyon na magtutulak sa kanyang kakaibang kakayahan. She was like any investment banker on *Wall Street*, thank you very much.

Sa kasamaang palad, may ibang ideya ang kanyang great grandmother.

Tumiim-bagang si Rebecca at hinagilap ang malaki at itim na libro na nakapatong sa passenger seat. Her gaze caught the light from the red stone embedded in her gold ring, making her clench her fist. The stone gleamed in the dying sunlight, its strange glimmering light shattering her illusion of normalcy.

"It's yours," usal ng kanyang abuela gamit ang huli nitong hininga. "He's yours." Pagkatapos, pilit nitong isinuot sa kanya ang singsing.

Rebecca gritted her teeth. Wala siyang ibang gusto kundi ang hubarin ang singsing at itapon iyon sa dagat kung saan hindi na niya iyon makikita ulit. But no luck there. Ilang beses na niyang sinubukan. Oils, soap, she even tried that string technique to get the goddamn ring off. But the gold band remained unperturbed around her finger. She glared at the ring as she yanked the SUV door open. Lumabas siya sa sasakyan at ramdam niya ang bigat ng itim na kwaderno sa kanyang kamay. Isa pa iyong pang-uuyam sa normal niyang mundo. A black book. A freaking *Book of Shadows,* for crying out loud. Bakit nangyayari ito sa kanya?

Mapait niyang pinukol ng titig ang libro. Lahat ba ng *Book of Shadows* ay kailangang itim at gawa sa leather ang pabalat? Ang pinagkaiba lang ng isang ito ay may

nakapalupot na mga baging para magsilbing pangsara ng makapal na aklat. A safeguard. Isang paniniguro na kagaya lang nila ng kanyang Apong ang maaaring makapagbukas ng libro. It only made the tattered book creepier.

"We're from the line of Adamah," her great granny used to say. "We can control the earth elements—plants, minerals, life. We are elemental users, Rebecca."

Mabigat na sinara niya ang pinto ng sasakyan at masama ang loob na pinasadahan ng tingin ang paligid.

Tanaw ang mahahaba at matatayog na hilera ng bulubundukin ng *Sierra Madre* sa likod ng matandang mansion, habang napapaligiran ng kagubatan ang magkabilang bahagi nito. Naalala niya noong bata pa siya, tingin ng dalaga ay isang fairy tale palace ang Beaux-Art mansion ng kanyang mga Apong. The twin spires and elegant arches and marble columns used to make her think of princes and princesses when she was a kid. Now, the withering mansion only made her think of psychotic murderers lurking behind the shrubbery.

Umihip ang hangin, tinatangay ang tuwid na tuwid at hanggang balikat niyang buhok. Isinuksok ni Rebecca ang ilang hibla niyon sa likod ng kanyang tainga at determinado siyang humakbang patungo sa likod ng mansion.

Just goddamn get this over with, she told herself.

Lumangitngit ang mga tuyong dahon at sanga sa ilalim ng kanyang brown sneakers. Ang lakas ng mga tunog sa tahimik na kapaligiran.

Just free that… that thing—him, whatever he was, and go back to New York and live your awesome life and forget any of this ever happened.

"Sh*t," she hissed, fighting back a wave of nauseating hysteria.

May nakakaloka siyang kakayahan mula pa pagkabata niya. Minsang umapaw sa mga rosas at orkidyas ang greenhouse nila noong walong taong gulang siya dahil inutusan niya ang mga bulaklak na mamukadkad nang mamukadkad. Halos hindi nalalanta ang mga bulaklak sa kanyang bahay kahit na pinitas na ang mga iyon. At kaya niyang malaman kung magkakaroon ng lindol sa pamamagitan lang sa pagdama sa lupa. *PhiVolcS* would freaking love her.

Naalala ni Rebecca ang mga nabasa niya sa itim na libro ng kanyang abuela nang nakaraang gabi. The horrors, the things her granny did. Him.

Her gray shirt suddenly felt stifling. Humigpit ang hawak niya sa libro. Hindi niya alam kung totoo ang mga nakasulat doon. Her great granny had been unstable since her great grandpapa died about eighteen years ago. For all she knew, the horrific, unnatural things detailed in the book were nothing but the

delusions of an old, crazy, lonely, senile lady. Pero paano kung totoo?

Sa kanyang paanan, nakita niya ang paggapang ng mga baging at ang pamumukadkad ng maliliit na dilaw na bulalak sa damuhan. The vines curled around her feet, climbing up her jean-clad legs, the flowers blooming like crazy.

Marahas siyang tumawa at mababang nagmura. Nangyayari ito kapag balisa siya. Plants around her started sprouting in response to her emotions. At ang lugar na ito, ang bundok at ang kagubatan, para iyong gasolina sa kanyang kakaibang kapangyarihan. Ito ba ang dahilan kaya pinili ng kanyang Apong Teresa na dito tumira?

Narito ang ebidensya na abnormal si Rebecca, kaya sino siya para sabihing baliw lang ang lola niya at kathang-isip lamang ang mga sinulat nito?

"Sa cellar, nasa cellar siya," pilit ng kanyang abuela bago ito mamatay. "Sa hardin, Becca. Sa hardin."

Nagtagis ang kanyang mga bagang at pinilit niya ang sariling maglakad muli.

Piraso ng puso, ilang patak ng dugo, isa na siyang alipin. Habang suot mo ang singsing, lahat ng iyong utos ay kanyang susundin.

"Granny, what the hell did you do?" she bit out.

Huminto siya sa gitna ng masukal na hardin. Alam

niya kung nasaan ang trapdoor kahit hindi pa niya nakikita iyon kahit kailan. Another perks of her abilities. Madali niyang maramdaman kung may nakatago sa ilalim ng lupa.

Lumuhod si Rebecca sa damuhan. Mayayabong ang baging at gumagapang na halaman sa sahig ng hardin—ampalaya, kalabasa, mga rosas at bougainvillea. Hindi makita ang lupa dahil sa kapal ng mga iyon. Hindi iyon problema sa kanya.

Kagaya ng ginawa niya sa libro para kumalas ang baging na nakatali roon, inilapat niya ang palad sa mga halaman. Her fair skin looked even paler amidst the dark green foliage.

Clear the area, she ordered the vines in her mind.

Gumapang ang mga baging palayo sa kanyang kamay na parang mga ahas. Parang tambol ang pagbugso ng dugo at pagdagundong ng kanyang puso habang pinapanood ang pag-urong ng mga halaman.

And the horror award goes to…

Tuluyang natanggal ang mga nakaharang na baging at bulaklak sa kanyang harapan, tinatambad ang kahoy na pinto sa sahig ng hardin.

She clutched the book to her chest with one hand as she forced herself to grip the door handle with the other.

"Isa siyang alipin…"

He was in there. Trapped. In pain. For around eighteen years now. All because of her great grandmother's selfishness and insanity.

"Granny, what did you?" muli niyang asik.

Pinuwersa niya ang sariling iangat ang trapdoor.

The scent of molds and earth attacked her senses. Kasabay niyon, narinig niya ang marahas na pag-ungol at ang pagkalansing ng kadena. Napapitlag si Rebecca at muntikang mabitawan ang pintuan sa kanyang gulat at takot.

Kung ano mang pag-asa meron siya na hindi totoo ang isinulat ng lola niya ay naglahong parang bula. Someone was down there, goddamn it.

Violent guttural growls and the harsh clanging of chains reverberated through the dark, cavernous basement. She wanted to scream. Why the *f*ck* was this happening to her?

Pinilit niya ang sariling bumaba sa hagdan kahit na ang gusto lang niya ay tumakbo pabalik sa kanyang sasakyan.

Halos mapatalon ang dalaga at mapatili sa lakas at bangis ng ungol sa loob ng basement. "Alright, alright, I know you're furious!" she cried out. Mukhang lalong nagalit ang nilalang at lalong lumakas ang angil at ang pagkalansing ng mga kadena.

Pinaglabanan niya ang takot at kinapa ang switch ng

ilaw sa gilid. There had to be a goddamn light here. She could feel electrical wires running through the ground.

Hinampas niya ang switch at nalublob ang malawak na silid sa puting ilaw. Gawa sa adobe ang sahig at dingding, may mga mesa at silya sa paligid. Puno ng mga botelyang may lamang pula, berde, at dilaw na likido ang mga istante. Potions. Her granny and her freaking witchcraft!

Nanggagaling ang mga angil sa pader sa dulo ng mahabang pasilyo. Nababalutan din iyon ng mga baging at halaman. May pinto doon, sigurado siya.

"I'm going to free you, okay?" sigaw ni Rebecca. "But don't you dare attack me!"

Nagliwanag ang bato sa kanyang singsing, at lalong rumahas ang pagsinghal sa kabilang bahagi ng pader.

Habang suot mo ang singsing, lahat ng iyong utos ay kanyang susundin.

She shot the book and the ring a murderous glare. This had better work or she would be goddamn dead!

"Okay, I'll try this out before I open the door, okay?" pakli niya. "Stop growling."

Huminto ang pagsinghal pero nagpatuloy ang marahas na lagatik ng bakal sa pader. Kumuyom-palad siya at humakbang palapit sa dingding na nababalutan ng mga halaman.

Pinuwersa ni Rebecca ang sariling magsalita ulit.

"Please stop rattling your chains."

Huminto rin ang pagkalabog ng bakal. She heard his harsh, deep breaths even through the barrier, the rough sound so loud in the oppressive silence.

Hinawakan niya ang naninikip na sikmura. Mukhang totoo ang nakasulat sa libro, kinokontrol nga ito ng singsing. Pero kailangan pa niyang subukan ulit.

"Growl again." Napatalon si Rebecca nang mabangis na suminghal muli ang nilalang. "Now, stop. Stop."

Huminto ito.

"Rattle your chain."

Dumagundong ang pagtama ng bakal sa pader at natakot siya na baka tuluyan nitong makalas ang kadena.

"Stop!" asik niya. Muling huminto ang dagundong.

She had to do this. Inilapat niya ang palad sa mga halaman sa pader. She hoped to God he wasn't just playing around with her.

"Tell me your name," sambit ni Rebecca.

The deep, guttural sound rumbled like thunder, making her jump again. "Gavriel." His voice dripped with hatred, as if he was imagining killing her in a thousand different ways. Slowly, painfully.

Kung siya rin ang nasa sitwasyon nito ay ganoon din malamang ang kanyang mararamdaman.

Mariin siyang pumikit. Talagang may nilalang sa likod ng pader na ito.

Idiniin niya ang palad sa pader, at hiniling na sana ay hindi siya nababaliw sa susunod niyang gagawin.

"Let me pass," usal niya sa mga halaman.

Kagaya kanina sa trapdoor, unti-unting gumapang paurong ang mga baging na nakabalot sa pader. Isang kahoy na pinto na kulay pula ang nasa likuran ng makapal na mga dahon, sanga, at ugat. Hinagilap niya ang bakal na hawakan. Umusal siya ng maikling panalangin bago itinulak pabukas ang pinto.

There. Goodbye, normal reality.

Walang ilaw sa loob ng silid, pero sapat ang liwanag na pumasok mula sa kanyang likuran para maaninag niya ang nilalang. Her breath hitched as she stared wide-eyed at the man chained to the wall.

My God, he's big, was her first thought.

And so freaking wild. Iyon ang pangalawa.

Feral. Dangerous. His eyes—deep golden like the sky set ablaze by the dying sun—looked more animal than human. Shrouded in the darkness, his amber gaze seared her with undiluted malice and fury. Shackled in iron and dressed in nothing but tattered jeans, the man still looked menacing, imposing, and for heaven's sake… hot. Like melt-your-freaking-panties hot.

Hindi makapaniwala si Rebecca na naisip niya iyon nang mga oras na iyon.

He was tall and big, probably six freaking seven

with bulging muscles that rippled under sweat-slicked skin. His thick corded arms stretched above him, the muscles in his neck and shoulders straining. Sweat trickled down his heaving chest, gliding over the hard planes of his torso and the ridges of his chiseled abdomen. Strands of his dark hair hung over one of his eyes, the jagged ends slightly grazing his high cheekbones and square jaw. His strong nose looked like it was carved from stone, and his sculpted lips were parted as he dragged in deep harsh breaths. Dear heavens, she could see his sharp canines peeking between those luscious lips. Sharp canines, goddamn it.

Naalala niya ang mga nakasulat sa itim na libro.

Lycan. Taong-lobo. Werewolf. A male virgin sacrifice.

Sa ikapitong buwan at ikapitong araw, sa pagkamatay ng isang bituin, sa pag-ahon ng bagong buwan, ang pagnanasa ng birheng alay ay sisidhi, magbibigay-lakas sa pagkabuhay ng minimithi. Buhay para sa isang buhay. Mapapawi ang buhay ng alay unti-unti…

Her grandma had notes beside the text. Sa darating na New Moon ang sinasabi sa talata. Tataas ang libido ng nilalang sa pagsapit ng ikapito ng susunod na buwan. Halos dalawang linggo na lang iyon mula ngayon. He had to be devirginized before that, or else the curse would use his sexual frustration and energy to jumpstart the resurrection. And the curse would kill him.